

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Ang mga pagsisikap sa adbokasiya ng Brampton ay nagbunga sa tulong sa upa sa maliliit na mga negosyo

BRAMPTON, ON (Abril 24, 2020) – Sa araw na ito, ang mga resulta sa mga pagsisikap ng Brampton sa adbokasiya ay natupad dahil inanunsyo ng pamahalaang pederal na nagkaroon ito ng kasunduan sa prinsipyo sa lahat ng probinsya at mga teritoryo na ipatupad ang Canada Emergency Commercial Rent Assistance ([CECRA](#)) para sa maliliit na negosyo. Ang programang ito ay magpapababa sa upa nang 75 porsyento para sa maliliit na mga negosyo na naapektuhan ng COVID-19.

Ang bagong programang CECRA ay magbibigay ng napaka-kailangang suporta para sa mga maliliit na negosyo sa Brampton, at isang pamamaraan na itinataguyod ng Lungsod mula sa anunsyo ng mga pagsasara ng hindi mahahalagang mga negosyo. Noong Abril 1, nagpadala ng sulat si Mayor Brown kina Premier Ford at Minister Clark na nagtataguyod ng suporta sa upa para sa mga maliliit na negosyo. Ang suporta sa upa ay isang malaking nagpapatuloy na problema para sa mga maliliit na negosyo mula nang ideklara ang COVID-19 pandemic noong Marso. Nang pinagtipon sa panahon ng Economic Support Task Force Small Business Tele Town Hall na idinaos noong Abril 17, 73 porsyento ng mga kalahok ay nagpahiwatig na hindi sila nakatanggap ng anumang suporta sa upa. Ito ay isang usapin na tinalakay kasama ang mga kinatawan ng pederal at probinsya sa lahat ng pagpupulong ng COVID-19 Task Force sa Suporta sa Ekonomiya ng Mayor.

Ang [COVID-19 Task Force sa Suporta sa Ekonomiya ng Mayor](#) ay isa sa apat na task force na itinakda para suportahan ang mga residente at mga negosyo ng Brampton habang hinaharap nila ang mga epekto ng COVID-19. Ang Task Force sa Suporta sa Ekonomiya ay responsable para pag-coordinate sa mga rekomendasyon at mga pamamaraan para suportahan ang mga pagsisikap sa tulong sa negosyo sa Brampton. Ang Task Force, na may mga kinatawan mula sa mga pamahalaang pederal at pamprobinsya, pati na rin mga partner tulad ng Brampton Board of Trade, Downtown Brampton Business Improvement Association (BIA), at Canadian Black Chamber of Commerce (CBCCC), ay aktibo sa pagsuporta sa mga negosyo sa Brampton umpisa pa sa pagsisimula ng COVID-19. Nagdaos ang Task Force ng dalawang tele town hall kasama ang mga maliliit na negosyo na may pinagsamang kabuuang 500 negosyong lumahok, at dalawa pa mula sa sektor ng restawran at mga malalaking negosyo. Bukod pa, ang staff ay tumugon sa humigit-kumulang 1,200 tanong mula sa mga negosyo sa Brampton mula pa sa pagsisimula ng COVID-19.

Mga Quote

“Ang ating mga negosyo ay napakahalaga sa pangkalahatang kabutihan ng ating komunidad, at ginagawa natin ang lahat ng makakaya natin para suportahan ang mga ito at magtaguyod para sa mga ito simula pa nang mag-umpisa ang krisis sa COVID-19. Nagagalak tayong makita na ang mga pagsisikap natin ay patungo sa nahahawakang mga pamamaraan na makagagawa ng kaibahan para sa ating komunidad ng negosyo. Gusto kong pasalamatang ang mga kinatawan ng pederal at probinsya sa ating Task Force sa Suporta sa Ekonomiya, sina MP Kamal Khara at MPP Prabmeet Sarkaria, pati ang Brampton Board of Trade, Downtown Brampton BIA, at Canadian Black Chamber of Commerce, sa pakikipagtulungan sa atin na makahanap ng mga solusyon. Napatunayan ang COVID-19 na isang napakalaking alon sa ekonomiya, at kailangan nating makipag-partner para suportahan ang ating mga residente at mga negosyo.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ito ay panahon na labis na nakaka-istres sa lahat – at partikular na sa mga may-ari at operator ng negosyo. Labis tayong engaged sa ating komunidad ng negosyo sa kabuuan ng krisis na ito, at narinig natin ang kanilang mga pag-aalala. Nag-aalala sila sa kanilang mga negosyo, kanilang mga empleyado, at kanilang kinabukasan. Magpapatuloy tayo sa pagsuporta sa kanila ngayon at habang inaasahan natin ang pag-recover at ang bagong normal. Ikinagagalak natin na ang bagong programang ito ay magbibigay ng mahalaga at agarang tulong para sa marami.”

- *Paul Vicente, Panrehiyong Konsehal, Wards 1 at 5, Lungsod ng Brampton at Co-Chair, COVID-19 Task Force sa Suporta sa Ekonomiya ng Mayor*

“Kahit na ang krisis na ito ay napakahirap para sa marami sa ating komunidad, nakakita rin tayo ng resilience, kabutihan at diwa ng komunidad. Kahit na ang ilan ay nahihirapan, ang iba na may kakayahan ay humarap sa hamon na paganahin ang kanilang mga negosyo para sumuporta sa krisis at para mag-donate ng pagkain at pera. Magpapatuloy tayo sa pagsuporta sa ating komunidad sa abot ng ating makakaya, at alam ko na magpapatuloy kayo sa pagsuporta sa isa’t isa, at malalampasin natin ito.”

- *Michael Palleschi, Panrehiyong Konsehal, Wards 2 at 6, Lungsod ng Brampton at Co-Chair, COVID-19 Task Force sa Suporta sa Ekonomiya ng Mayor*

-30-

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca